

# CATHOLIC KYOTO DIOCESE

## Catholic Chancery Office

Kawaramachi Sanjo Agaru  
Nakagyo-ku, Kyoto 604-8006  
JAPAN  
Tel: +81-75-211-3025  
Fax: +81-75-211-3041

カトリック京都司教区

〒604-8006  
京都市中京区河原町三条上ル  
Tel: (075) 211-3025  
Fax: (075) 211-3041  
e-mail: curia@kyoto.catholic.jp

Kyo.Prot.N.82/2020

Setyembre 25, 2020

Sa lahat ng aking mga kapatid sa Diyosesis ng Kyoto

## Mga Hakbang para sa Pagpapatuloy ng mga Gawain sa Simbahan kagaya ng Misa sa Panahon ng Pandemya na Covid-19

Ang Sukatan (Bilang 6) na inisyu noong Hulyo 7, 2020, ay naglatag ng pamantayan para sa pagpapatuloy ng mga Misa at iba pang pagtitipon sa Diyosesis ng Kyoto.

Batay sa sitwasyon mula Hulyo hanggang Setyembre at sa opinyon ng mga dalubhasa, mula Huwebes, Oktubre 1, ang mga Misa at iba pang pagtitipon sa parokya ay pwede nang ipagpatuloy depende sa sitwasyon sa bawat block at sa kundisyon na ang mga sumusunod na hakbang para makaiwas impeksyon ay susundin.

### Mga Hakbang sa Pag-iwas sa Pagkalat ng Impeksyon

- ① Sundin ang “Pangangailangan na dapat matugunan sa mga pagtitipon kagaya ng mga Misa” (Kyo.Prot.N. 56/2020), kasama ang ibayong pagdisinpek ng mga kamay ng mga pari, iba pang mga ministro, at ang mga mananampalataya, lalung-lalo na bago magbibigay ng Banal na Komunyon.
- ② Keep a list of participants.  
Ang Misa ay maaaring hindi ipagdiwang kapag hindi natupad ng wasto ang mga kinakailangang kondisyon.
- ③ Maraming mga simbahan ay may limit sa dami ng mga pwedeng dumalo. Samakatuwid, huwag subukang dumalo sa ibang simbahan maliban sa iyong kinabibilangan.
- ④ Pansamatala, iwasan ng lahat ang pagkanta sa mga Misa at pagpupulong. Maaring patugtugin ang organ, kumanta ng solo ng malayuan, at kumanta sa maliit na grupo katulad ng choir pero may sapat na lugar para sa wastong distansiya.
- ⑤ Ang mga may edad at yaong mga may matinding problema sa kalusugan ay may mataas na panganib sa lubhang pagkahawa, sa kadahilanang ito iminumungkahi na yaong may pangamba sa kanilang kalusugan, yaong wala sa magandang kondisyon ang pangangatawan, o yaong may pangamba sa paglabas ay manalangin sa kanilang tahanan.
- ⑥ Hanggat walang karagdagang abiso, ang mga mananampalataya ng Diyosesis ng Kyoto ay pinapatawad sa kanilang obligasyong makiisa sa Misa ng Linggo.

Ang paglaganap ng inpeksyon sa buong bansa mula Hulyo, ang sinasabing “second wave”, ay hindi pa kumpletong nalulutas, ngunit sa ibang mga diyosesis maliban sa diyosesis ng Kyoto ay nagsagawa ng mga hakbang sa pag-iwas at sa kabutihang-palad walang naiulat na pagsilakbo ayon sa mga katolikong simbahan. Ang pagkahawa ay nahahawig sa mga alon, at mayroong posibilidad na ang impeksyon ay muling kumalat sa darating na taglagas at taglamig. Samantala, ang diyosesis ng Kyoto ay ipapagpatuloy ang mga gawain kagaya ng mga Misa sa kondisyon na ang mga hakbang para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ay maayos na maisasagawa.

Kami ay patuloy na magbibigay ng prioridad sa pagprotekta sa buhay at kaligtasan, at kung ang nasyonal o ang lokal na pamahalaan ng bawat block ng diyosesis ng Kyoto ay magpahayag ng emergency o makiusap na ihinto ang mga gawain ay aming ihihinto muli ang mga Misa at iba pa bang mga gawain.

✠ Paul Yoshinao Otsuka  
Obispo ng Kyoto